~~Ang may [saklong]~~ at o may ~~linya'ng~~ materyal ay ang bahagi'ng tinanggal.

Ang may salungguhit na materyal ay ang bahagi'ng idinagdag.

PANUKALA'NG BATAS BLG. __________

BUOD – Isang ordinansa para amyendahan ang Titulo13, Kabanata 13.04 ng Kodigo ng Lalawigan ng Clark para idagdag ng subseksyon 106.6.1.1 Bayarin sa Muling Pagsusumite at subseksyon 106.6.1.2 Mga Bayarin sa Pagbabago sa Seksyon 13.04.070 Saklaw at Pangangasiwa para tukuyin ang wika gaya ng inilarawan ng Seksyon 106.6.6. Iskedyul ng Bayad sa Serbisyo at Permiso, Talahanayan 106-G.

ORDINANSA BLDG. _________________________
(ng Lalawigan ng Clark, Nevada)

ISANG ORDINANSA NA SUSUGAN ANG TITULO 13 KABANATA 13.04 NG KODIGO NG LALAWIGAN NG CLARK UPANG IDAGDAG ANG SUBSEKSYON 106.6.1.1 BAYARIN SA MULING PAGSUSUMITE AT SUBSEKSYON 106.6.1.2 MGA BAYARIN SA PAGBABAGO NG SEKSYON 13.04.070 SAKLAW AT PANGANGASIWA PARA TUKUYIN ANG WIKA GAYA NG INILARAWAN SA SEKSYON **106.6** ISKEDYUL NG BAYAD SERBISYO AT PERMISO, TALAHANAYAN 106-G.

**ANG LUPON NG MGA KOMISYONERO NG LALAWIGAN SA LALAWIGAN NG CLARK, ESTADO NG NEVADA, AY NAGPAPAHAYAG DITO TULAD NANG SUMUSUNOD:**

SEKSYON 1. Ang Titulo 13.04 ng Kodigo ng Lalawigan ng Clark ay sinususugan at ipatutupad upang mabasa tulad ng sumusunod:

**13.04.070** Saklaw at Pangangasiwa**.** Isang subseksyon, tinawag na "106.1.1 Mga Bayarin sa Muling Pagsusumite" ay idinagdag upang mabasa tulad ng sumusunod:

106.6.1.1 Mga Bayarin sa Muling Pagsumite. Kasama sa bayad sa permiso ang pauna'ng pagsusuri sa plano at isang (1) kasunod na pagsusuri sa plano para sa anumang kinakailanga'ng pagwawasto. Ang anumang karagdaga'ng pagsusuri sa plano na kinakailangan ay sisingilin bawat oras, alinsunod sa singil para sa "Mga karagdaga'ng

> bayarin sa pagrepaso ng plano" tulad ng inilarawan sa Seksyon 106.6, Talahanayan 106-G. Ang mga karagdaga'ng bayarin sa pagrerepaso ng plano ay dapat bayaran at kokolektahin sa pagtatapos ng pagsusuri sa plano, bago ang pagbibigay ng permiso.

**3.04.070** Saklaw at Pangangasiwa**.** Isang subseksyon, tinawag na "106.1.2 Mga Bayarin sa Pagbabago" ay idinagdag upang mabasa tulad ng sumusunod:

> 106.6.1.2 Mga Bayarin sa Pagbabago. Ang mga bayarin sa pagrerepaso ng naunang naaprubaha'ng mga plano ay sisingilin sa bawat oras na singil para sa "Mga karagdaga'ng bayarin sa pagrepaso ng plano" gaya ng inilarawan sa Seksyon 106.6, Iskedyul ng Bayad sa Serbisyo at Permiso, Talahanayan 106-G. Ang mga karagdaga'ng bayarin sa pagrepaso ng plano ay dapat bayaran at kokolektahin sa pagtatapos ng pagsusuri sa plano, bago ang pag-iisyu ng permiso.

**SEKSYON 2**. Kung ang anuma'ng seksyon ng ordinansa'ng ito o bahagi nito ay sa anuma'ng dahilan ay sinabi'ng wala'ng bisa o hindi ayon sa konstitusyon ng anuma'ng korte na may karapata'ng sumaklaw, ang natura'ng hatol ay hindi magpapawala nang bisa sa natitira'ng mga bahagi ng ordinansa'ng ito.

**SEKSYON 3.** Ang lahat ng mga ordinansa, mga bahagi ng mga ordinansa, mga kabanata, mga seksyon, mga pangalawa'ng seksyon, mga sugnay, mga parirala, o mga pangungusap na nilalaman sa Kodigo ng Lalawigan ng Clark na salungat sa ordinansa'ng ito ay pinawawalan ng bisa dito.

**SEKSYON 4.** Ang ordinansa'ng ito ay ilalathala sa pamagat lamang kasama ang mga pangalan ng Komisyonero ng Lalawigan na bumoto para sa at laban sa pagpasa nito, sa isang pahayagan na naglalathala at mayroo'ng isang pangkalahata'ng sirkulasyon sa Lalawigan ng Clark, Nevada, nang hindi bababa sa isang beses sa isang linggo sa loob ng dalawa'ng (2) linggo at magkakabisa sa at mula sa ika-labing lima'ng araw matapos maipasa.

PANUKALA sa ________ araw ng _________________________, 2023.

PANUKALA NI: _____________________________________________

IPINASA sa ika ________ araw ng _________________________, 2023.

~~Ang may [saklong]~~ at o may ~~linya'ng~~ materyal ay ang bahagi'ng tinanggal.

Ang may <u>salungguhit na materyal ay ang bahagi'ng idinagdag.</u>

PAYAG: ________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

TUTOL: ________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

HINDI BUMOTO: ________________________________

LUMIBAN: ________________________________

LUPON NG MGA KOMISYONERO
LALAWIGAN NG CLARK, NEVADA

By: ________________________________
JAMES B. GIBSON, Tagapangulo

PATUNAY:

________________________________
LYNN MARIE GOYA, Klerk ng Lalawigan

Ang ordinansa'ng ito ay dapat ipatupad at epektibo simula at pagkaraan ng _________ araw ng _______________ 2023.